# Katuwiran



## WARM-UP

- May mga damit ka bang isinusuot lamang sa mga natatanging okasyon? Bakit ito espesyal at kailan mo ito huling isinuot?
- Naranasan mo na bang maglaro ng anumang *sport* o laro laban sa isang taong hindi sumunod sa mga panuntunan ng laro? Ano ang nangyari?
- Ano ang naiisip mo sa tuwing naririnig mo ang salitang "hustisya"? Bakit ito ang pumapasok sa isipan mo?

## WORD

*Nagtataka siya sa kanyang nakita na wala kahit isa man na tumutulong sa mga inaapi. Kung kaya, gagamitin niya ang kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa kanila. At dahil matuwid siya, tutulungan niya sila.* **ISAIAS 59:16**

(Basahin din ang **ISAIAS 59:14–15, 17–21.**)

Inilarawan ng propetang si Isaias ang kalagayan ng kanilang bayan: walang pagkakapantay-pantay, walang hustisya, at puno ng karahasan at katiwalian. Sinabi niya na dahil hindi na matagpuan ang katotohanan (Isaias 59:14), ang mga tao ay nahiwalay sa Diyos. Dahil sa kawalan ng hustisya sa kanilang lupain, ang mga mamamayan ng Diyos ay nawawalan na ng pag-asa. Subalit nais ng Diyos na hindi lamang ipakita sa kanila ang kanilang kasalanan. Nais din Niyang maghatid ng pag-asa. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano tumutugon ang Diyos sa kawalan ng hustisya sa mundo.

## 1 Ang Diyos ay hindi nagbubulag-bulagan sa kawalan ng katuwiran at katarungan.

*[14]Iyan ang dahilan kung bakit hindi pa pinarurusahan ng Diyos ang ating mga kaaway at hindi pa niya tayo binibigyan ng tagumpay na may katuwiran. Sapagkat hindi na matagpuan ang katotohanan kahit saan, at ang mga tao ay hindi na mapagkakatiwalaan. [15]Oo, nawala na ang katotohanan, at ang mga umiiwas sa kasamaan ay inuusig. Nakita ito ng PANGINOON at nalulungkot siya dahil sa kawalan ng katarungan. [16]Nagtataka siya sa kanyang nakita na wala kahit isa man na tumutulong sa mga inaapi. . . .* **ISAIAS 59:14–16**

Nakita ng Diyos ang kawalan ng katuwiran at katarungan sa lupa at nalungkot Siya. Naghanap Siya ng taong mamamagitan at magsisilbing tagapaglaban ng mga inaapi, tagapagtanggol ng mga walang sala—subalit wala Siyang nakita. Ang kaalaman na nakikita at nais kumilos ng Diyos laban sa kawalan ng katuwiran at katarungan sa lipunan ay nakapagbibigay sa atin ngayon ng pag-asa. Alam natin na dahil sa Kanyang pag-aalala at pagmamahal sa Kanyang mamamayan, kikilos Siya para sa kanilang kapakanan. Ayon sa Zefanias 3:5, araw-araw na ipinapakita ng Panginoon ang kanyang katarungan, at nananatili siyang tapat. Paano makapagbibigay ang katotohanang ito ng kaginhawahan sa mga tao?

## 2 Ang Diyos ang naghahatid ng katuwiran.

*[16]Kung kaya, gagamitin niya ang kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa kanila. At dahil matuwid siya, tutulungan niya sila. [17]Gagamitin niyang panangga sa dibdib ang katuwiran, at helmet ang kaligtasan. Isusuot niya na parang damit ang paghihiganti at ang matindi niyang galit.* **ISAIAS 59:16–17**

Nang makita ng Diyos na walang taong namamagitan upang magdala ng katuwiran at katarungan sa lupa, pumarito Siya upang isakatuparan ang Kanyang misyon. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan at katuwiran, naghatid Siya ng kaligtasan. Ang mga katagang isusuot Niya na parang damit

ang paghihiganti at ang matindi Niyang galit ay tumutukoy sa ginawa Niyang paghatol sa mga nang-api sa Kanyang mamamayan. Hanggang sa araw na ito, alam natin na kumikilos ang Diyos upang ipatupad ang Kanyang katuwiran at katarungan. Paano mo naranasan ang pagiging tagapamagitan ng Diyos upang magkaroon ng katarungan sa sitwasyong pinagdaraanan mo? Paano ka nito nahimok na maghintay sa pagkilos ng Diyos upang magkaroon ng katarungan sa halip na kumilos sa sarili mong pamamaraan?

## 3 Ang Diyos ang naghahatid ng katuwiran sa pamamagitan ng Kanyang Tagapagligtas.

*Sinabi ng PANGINOON, "Darating sa Zion ang magliligtas sa inyong mga lahi ni Jacob, at kanyang ililigtas ang mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan."* **ISAIAS 59:20**

Ipinangako ng Diyos ang pagpapadala ng Tagapagligtas para sa mga magsisisi at tatalikod sa kanilang mga kasalanan. Alam na natin na si Jesu-Cristo ang tinutukoy ng Diyos. Namatay si Jesus sa krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan. Bagama't hindi Siya kailanman nagkasala, ibinuhos ng Diyos ang Kanyang poot kay Jesus upang maipatupad ang Kanyang katarungan. Tinanggap ni Jesus ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan at ibinigay Niya sa atin ang Kanyang katuwiran. Tanging si Jesus lamang ang makakapagligtas sa atin at makakapagdala sa atin sa tamang ugnayan sa Diyos.

Sa Isaias 59:21, makikitang ipinangako din ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan na, "Hindi mawawala ang aking Espiritu na nasa inyo at ang mga salitang sinabi ko sa inyo. Sabihin ninyo ito sa inyong mga anak, at kailangang sabihin din ito ng inyong mga anak sa kanilang mga anak hanggang sa susunod pang mga henerasyon." Ang ginawa para sa atin ng Tagapagligtas ay naipasa-pasa hanggang sa umabot ito sa atin at patuloy pa itong ibinabahagi sa mga tao sa buong mundo. Ano ang ginagawa mo sa kasalukuyan upang ipasa ang Espiritu at mga salita ng Diyos sa mga tao sa paligid mo?

## APPLICATION

- Anong bahagi ng buhay mo o kaya ay ng lipunan ang pinaniniwalaan mong magkakaroon ng katarungang hatid ng Diyos? Hingin sa Diyos ang karunungan at kung ano ang nais Niyang gawin mo sa sitwasyong ito.
- Pag-isipan ang Salmo 139:23–24 ngayong linggo. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang anumang nasa puso mo na hindi matuwid at ipanalanging palagi kang lalapit sa Kanya.
- Sino sa mga kaibigan o miyembro ng pamilya mo ang sa palagay mo ay magkakaroon ng lakas ng loob kung maririnig niya ang mensahe ngayong araw? Paano mo siya mahihimok na magtiwala sa Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa inihahatid Niyang katuwiran at hustisya. Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang mga taong nasa awtoridad upang tulungan ang mga inaapi at magkaroon ng hustisya sa ating bayan.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka tumutugon sa kawalan ng katuwiran at hustisya sa paligid mo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng kakayahan upang tumugon nang may pananampalataya dahil alam mo na kumikilos Siya at maaari kang magsilbing mga kamay at paa Niya.
- Ipanalangin ang isang taong kilala mo na alam mong dumaranas ng kawalan ng hustisya. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga salitang magpapalakas ng kanyang loob upang magawa niyang magtiwala at maghintay sa pagkilos ng Diyos.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph